SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MA
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by:
Date: 7/26/ Time: 1:58pm

# KAPASIYAHAN BLG. 2023-97

**"NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG BARANGAY BILANG 01, H-2023 NA MAY PAMAGAT NA "ISANG KAUTUSANG PAMBARANGAY NA NAGTATAKDA NA ANG IKALAWANG LINGGO NG BUWAN NG AGOSTO AY PIRMIHAN / PERMANENTENG IPAGDIRIWANG ANG HITO FESTIVAL SA BARANGAY CAMACHILIHAN, BUSTOS, BULACAN."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Sining, Kultura at Turismo**

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Barangay ng Camachilihan, Igg. Lercita G. Cristobal na nauukol sa pagdiriwang ng Hito Festival;

**SAPAGKA'T,** ang Hito Festival ay magiging pirmihan o permanenteng pagdiriwang sa barangay Camachilihan, Bustos, Bulacan;

**SAPAGKA'T,** ang pangunahing hanapbuhay ng mga mamamayan dito ay ang pag-aalaga at pagbebenta ng isdang Hito;

**SAPAGKA'T,** ito ay magandang simula upang makilala at maging maunlad ang kanilang barangay.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. MARIE NIÑA NIKKIE PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na pagtibayin ang Kapasiyahang Nagpapatibay Sa Kautusang Barangay Bilang 01, H-2023 na may pamagat na "Isang Kautusang Pambarangay na nagtatakda na ang Ikalawang Linggo ng buwan ng Agosto ay pirmihan / permanenteng ipagdiriwang ang Hito Festival sa Barangay Camachilihan, Bustos, Bulacan".

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-25 ng Hulyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Nina Niklie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Virgilio S. Paglinawan**<br>ABC President | **Angelica DL. Tadeo**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-25 ng Hulyo taong Dalawang Libo at Dalawampu't Tatlo.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim